Calapan Lungsod na Minamahal

Sa palad ng Diyos nagkahugis ang pag-asa
Hamak na pook umusbong at nagkabunga
Lungsod ng Calapan ‘di malilimutan
Kahit nakalipas na taong nagdaan

Ikaw ang mutya nga tuwa’t kapayapaan
Huwaran at lakas ng maraming bayan
Maayang paligid, talino ng tao
Bukas na daan sa Silangang Mindoro

Magdiwang Oh Lungsod ng Calapan
Kaisang puso, isang pananaw
Mabuhay lungsod na minamahal
Pinanday tungo sa kaunlaran

Lunsod na sa amin ay umingap
Umakay ka sa magandang palad
Parangalan bantayog ng giting
Puso’t diwa ang nagbuklod sa amin

Oh! Magdiwang mga Calapeño
Lungsod na hinirang
Ingata’t pagyamanin